


Ano ang kailangan ninyong malaman tungkol sa...

Paggamot sa Lagnat: Ang kaginhawaan ang iyong layunin!

Para sa isang magulang, ito'y maiintindihan na mag-alala kung ang inyong anak ay may lagnat. Karaniwan, ang lagnat ay isang sintomas lamang ng isang impeksiyon o ibang kondisyon. Sa karamihang mga kaso, ang lagnat ay mawawala lang sa 2 o 3 araw.

Kung ang inyong anak ay may lagnat pero naglalaro, kumakain, at kumikilos gaya ng dati, hindi mo kailangan gumawa ng kahit na anuman. Pero kung masama ang pakiramdam ng inyong anak, ang inyong paggamot na layunin ay dapat tulungan siyang makaramdam ng ginhawa. Ang pagpapababa ng lagnat ay maaaring makatulong sa kanya na makaramdam ng ginhawa, pero tandaan na ang temperatura ng inyong anak ay maaaring hindi magbalik ng tuluyan sa normal para magbigay ng mas napabuting kaginhawaan.



Ano ang maaari ninyong gawin

Ang mga pampababa ng lagnat tulad ng acetaminophen (na makikita sa Pambatang **TYLENOL®**) o ibuprofen (na makikita sa Pambatang **MOTRIN®**) ay maaaring tumulong upang guminhawa ang inyong anak. Karaniwan silang umepekto sa loob ng 30 hanggang 60 na minuto. Tanungin ang inyong doktor para sa kanyang rekomendasyon. **Mga payo sa kaginhawaan: Ang isang natutulog na bata ay isang maginhawa na bata. Karamihan sa mga pediatrician ay nagrekomenda na huwag ninyong gisingin ang natutulog na bata para bigyan ng gamot sa lagnat.**

Ibang mga hakbang na isaalang-alang:

- Gumamit ng espongha sa katawan ng bata kasama ang hindi gaanong mainit na tubig (kung ito ay nagbibigay lang ng ginhawa sa bata) Tumigil kung ang bata ay nag-umpisang manginig.
- Panatilihin malamig ang bata kasama ang magaan na damit at mababang temperatura sa kuwarto
- Siguraduhing umiinom ng maraming likido ang bata

Kailan dapat tumawag sa inyong doktor

- **Ang bata ay mas MABABA sa 3 buwan** (12 na linggo) at mayroong temperatura na 100.4°F (38°C) o mas mataas
- **Ang bata ay mas MATAAS sa 3 buwan** (12 na linggo)
 - Mayroong temperatura na mas mataas sa 104°F (40°C)
 -
 - Mayroong temperatura na mas mataas sa 100.4°F (38°C) o mas mataas pa **at** anuman sa mga sintomas na ito
 - Malalang pananakit ng ulo
 - Pamamaga ng lalamunan o pananakit sa tainga
 - Paulit-ulit na pagsusuka o pagtatae
 - Paninigas ng leeg
 - Di-pangkaraniwang pamamantal
 - Mukhang napakasama ng pakiramdam, o lubhang inaantok o di mapakali
 - Galing sa isang napakainit na lugar (tulad ng na-overheat na kotse)
 - Mayroong nagpapailalim na mga problema sa sistema ng immuno, kasaysayan ng pangingsay, o umiinom ng mga steroid

Ibang mga dahilan para tawagan ang inyong doktor:

- Ang bata ay tila lumalala, kahit na binigyan na ng mga pamamaraan para mapaginhawa ang pakiramdam
- **Ang bata ay nasa gitna ng 3 hanggang 24 na buwan** at mayroon pa ring lagnat (100.4°F (38°C) o mataas pa) pagkatapos ng 24 na oras
- **Ang bata ay 24 na buwan o mas matanda pa** at mayroon pa ring lagnat (100.4°F (38°C) o mataas pa) pagkatapos ng 3 araw o "kumikilos na maysakit" pa rin kahit na wala nang lagnat



I-download ang **LIBRENG Kid's Wellness Tracker**

Subaybayan ang taas, bigat, BMI, mga bakuna, mga sintomas, at mga gamot, at ikalkula ang dosis.



Mga Makakatulong na Karunungan sa Kalusugan galing sa McNeil Consumer Healthcare Division ng McNEIL-PPC, Inc., ang manggagawa ng Children's **TYLENOL®** at Children's **MOTRIN®**

Ang App Store ay isang paglilingkod na tatak ng Apple Inc. Ang Google Play ay isang tatak-pangkalakal ng Google Inc. Maaaring gamitin ang mga standard na presyo sa pag-download.

©McNEIL-PPC, Inc. 2013 MHP-001T